# Ang Tinapay Ng Buhay



Linggguhang Pagkain

Issue 4



"Anuman ang iyong ginagawa, gawin ninyo nang magaan sa kalooban sa waring hindi sa tao kayo nalilingkod kundi sa Panginoon." Colosas 3:23

## LIGTAS NA DAAN

**"[1]Ang bawat tao'y pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan. Sapagkat walang pamamahalang hindi mula sa Diyos at ang mga pamahalaang umiiral ay itinatag ng Diyos. [2]Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa mga itinakda ng Diyos; at lalapatan ng parusa ang sinumang lumalaban. [3]Ang mga pinuno ay dapat katakutan ng gumagawa ng masama, ngunit walang dapat ikatakot sa kanila ang gumagawa ng mabuti. Ibig mo bang huwag matakot sa mga namumuno? Gumawa ka ng mabuti, at papupurihan ka nila. [4]Sila'y mga lingkod ng Diyos sa ikabubuti mo. Ngunit matakot ka kung gumagawa ka ng masama, sapagkat sila'y talagang may kapangyarihang magparusa. Sila'y mga lingkod ng Diyos at magpaparusa sa mga gumagawa ng masama. [5]Kaya nga, dapat kayong pasakop hindi lamang upang maiwasan ang poot ng Diyos kundi dahil sa iyon ang matuwid." (Roma 13: 1-5)**

Tunay na ang mga talatang nabanggit ay kinakailangang tingnan at suriin. Ito ay bahagi ng mensahe ni Apostol Pablo sa mga mananampalatayang Romano sa panahon ng pamahalaan ng Emperyong Roma. Ngunit, kanino nga ba nararapat ang mensahing ito? Ito ay para sa mga alipin na napapailalim sa pamatok ng kani-kanilang mga amo; para sa lahat na mga manggagawang dumaranas ng matinding pag-uutos ng nakatataas sa kanila. Para sa iyo na nagtatrabaho sa kainitan at kalamigan ng panahon; sa iyo na nagtatrabaho ng higit sa labing-dalawang oras araw-araw o pitong araw sa isang linggo na wala man lamang pamamahinga o paglilibang. Para sa iyo na puspusang nagtatrabaho ngunit di mabigyan ng pagkakataong makatanggap o makabahagi sa mga bunga ng pinagsikapan. Gayun din, ang mensaheng ito ay para sa lahat, di lamang sa mga nabanggit, sapagkat walang taong hindi napapailalim sa kapangyarihan ng Diyos. Ang lahat ng tao'y dumaranas ng iba't ibang patakaran ng pamahalaan ngunit kinakailangang, **"ang bawat tao'y pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan."** Sa iba'y ang katutuhanang ito ay mahirap tanggapin ngunit ito'y maliwanag na nasusulat sa Biblia:

**1. <u>Lahat ng pamunuang umiiral ay mula sa Diyos</u>:** Mahirap paniwalaan na kahit ang hindi nanampalatayang namumuno ay

itinakda ng Diyos upang pangunahan ang lahat pati ang mga anak ng Diyos. Totoong napakahirap sang-ayunan ito, ngunit noong sinabi ni Pilato kay Jesus: **"[10]Ayaw mo bang makipag-usap sa akin"? ani Pilato. "Hindi mo ba alam na maari kitang palayain o ipapako sa krus?" [11]At sumagot si Jesus, "Kaya mo lamang magagawa iyan ay sapagkat ipinagkaloob sa iyo ng Diyos ang kapangyarihang iyan, kaya mas mabigat ang kasalanan ng nagdala sa akin dito." (Juan 1: 10-11)**

**2. <u>Ang lumalaban sa mga namumuno ay lumalaban sa Diyos</u>**: Ang mga ama ng tahanan, mga pangulo ng simbahan, mga amo at taga-pangasiwa sa trabaho, mga pinuno sa gobyerno na ang karamihan ay mapagsamantala at tiwali; lahat sila ay inatasan ng Diyos na mamuno. Kayat nangangahulugan na kailangang igalang at tanggapin ang bawat pamunuan sapagkat sila'y itinakda ng Diyos. Kung tayo ay lumaban at magreklamo o sumalungat sa mga namumuno o sa nakakataas sa atin ay para na tayong sumalungat at lumaban sa Panginoong Diyos dahil Siya ang nagtalaga sa kanila. At bilang mga anak ng Diyos, tayong mga mananampalataya, dapat nating igalang ang bawat panukala at pamamaraan ng Diyos ng buong tapat at walang pagdududa.

**3. <u>Ang itinakdang pinuno ay lingkod ng Diyos</u>:** Ang lahat ng kapangyarihan ay iginawad kay Jesus, na sa ilalim ng Kanyang pag-ibig tayo ay hinirang na maging kaibigan Niya na gumawa ng mabuti,maglingkod at sumunod sa Diyos at sa mga pamahalaang umiiral. Ginagamit ng Diyos ang mga tagapamahala at tagapangsiwa upang isakatuparan ang mga alituntunin at patatasin ang mga patakaran at sistema. Minsan sila'y magagaspang at brutal, ngunit hinahayaan ng Diyos dahil sa Kanyang layuning magdisiplina o upang ihayag ang Kanyang pagka Diyos. Tulad ng nakasaad sa Biblia kung saan ang mga tao o bayan na Kanyang pinili ay nagrebelde at lumabag sa Kanya sa pamamagitan ng pagsamba sa diyus-diyosan at di pagsunod sa kautusan. Kayat ipinadala Niya ang kanyang lingkod na si Nebucodonosor, hari ng Babylonia, upang sakupin ang Kanyang piniling bayan**. "[10]Sabihin mo sa kanila, 'Sinsabi ni Yahweh: Dadalhin ko ang aking lingkod na si Haring Nebucodonosor ng Babylonia, at ang kanyang trono ay ilalagay niya sa ibabaw ng mga batong ito na aking ibinaon; ilalatag niya sa ibabaw nito ang kanyang habong." (Jeremias 43:10)** Ginamit nga ng Diyos ang hari at tinawag Niyang lingkod upang disiplinahin at pagsabihan ang mga sumuway sa Kanya. Ngunit sa mga taong kumilala, tumanggap at sumusunod sa Diyos, si Nebucodonosor ay naging mabuti sa kanila. Si Jeremiah ay isang halimbawa sa mga taong sumunod sa Diyos. Samakatuwid ito ang utos ni haring Nebucodonosor para kay Jeremiah: **"[12]Kunin mo si Jeremias at alagaang mabuti. Huwag mo siyang sasaktan at susundin mo ang kanyang kahilingan." (Jeremias 39:12)**

Layunin ng Diyos na matutong sumunod at magpakumbaba ang Kanyang piniling bayan kayat iniutos Niyang dapat silang magpasakop at maglingkod sa Babylonia. **"Huwag kayong matakot na maglingkod sa mga taga-Babylonia. Manirahan kayo sa lupaing ito, paglingkuran ninyo ang hari ng Babylonia at kayo'y mapapabuti." (Jeremias 40: 9)** Mapanganib para sa bayan ng Diyos ang mag-aklas o sumuway sa bagong pamahalaan na sumakop sa kanila. Ngunit kung pasakop at maglingkod sila ng tapat tatamasahin nila ang maayos na buhay. Ito ang mensahe ng Diyos sa kanila, at maging sa atin na sumasampalataya at sumusunod kay Jesus. Kung kilala natin ang Diyos at tinanggap na natin si Jesus bilang tagapagligtas dahil Siya ay namatay sa krus para malinis ang ating mga kasalanan; at kung ang ating pag-uugali at gawi ay katulad ni Jesus na mapagpakumbaba, nagpasakop, mahinahon, matiyaga, tapat at masunurin na lingkod, walang dudang iingatan tayo ng Diyos at tayo ay mapabuti katulad ni Jeremias. **"Ang mga pinuno ay dapat katakutan ng gumagawa ng masama, ngunit walang dapat ikatakot sa kanila ang gumagawa ng mabuti. Kaya nga, dapat kayong pasakop hindi lamang upang maiwasan ang poot ng Diyos kundi dahil sa iyon ang matuwid**." Ang pagpasakop at pagsunod sa mga namumuno ay mabuti, matuwid at dapat nating gawin. Ang paglabag o pagsuway sa kanila ay paglabag at pagsuway na rin natin sa Diyos na nagtatag sa kanila.

***Minamahal:*** Nais mo bang mawala ang iyong pangamba at takot sa mga namumuno o sa mga nakatatas sa iyo? Pasakop ka at gumawa ng tama at matuwid. **"Kaya nga pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain Niya kayo pagdating ng takdang panahon. Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong kabalisahan sapagkat Siya ang kumukupkop sa inyo." (I Pedro 5:6-7)** Iingatan ka ng Diyos.